



IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAAG

OFFICIAL NEWSLETTER PUBLICATION OF THE CITY GOVERNMENT OF IMUS

## 10,000 IMUSEÑO, BENEPISYARYO SA CARD NG BPSF

Tinatayang nasa 10,000 Imuseño ang nakatanggap ng P5,000 tulong pinansyal at bigas sa idinaos na ika-19 na Cash Assistance and Rice Distribution (CARD) program ng House of Representatives at Department of Social Welfare and Development, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Imus nitong Setyembre 27, 2024, sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Personal ding nangumusta sina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Board Member Shernan Jaro, Board Member Ony Cantimbuhan, Speaker of the House Martin Romualdez, at mga kongresista mula sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Nakasama rin ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus na sina Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Sherwin Comia, Konsehal Jelyn Maliksi, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Larry Nato, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Igi Revilla Ocampo, Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Mark Anthony Villanueva, at Konsehal Totie Ropeta.

Dumalo rin sina Cavite Sangguniang Kabataan (SK) Federation President Chelsea Sarno, Imus SK Federation President Glian Ilagan, Liga ng mga Barangay (LNB) President RR Ramirez, dating LNB President AJ Sapitan, at mga punong barangay sa Lungsod ng Imus.

Ang CARD ay isa sa mga programa ng Bagong Pilipinas Serbisyo Fair (BPSF) ng pamahalaan.



CITY GOVERNMENT OF IMUS  
[facebook.com/CityOfImus](https://facebook.com/CityOfImus)





### IMUS LGU SINIMULAN ANG PAMAMAHAGI NG ANGAT ANG MAY ALAM SCHOOL BAGS AT SCHOOL SUPPLIES

Sa pangunguna ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, inilunsad ang distribusyon ng Angat ang May Alam School Bags and School Supplies para sa 355 Early Childhood Care and Development learners ng mga barangay Bucandala IV at V nitong Setyembre 20, 2024.

Bukod sa school bags at supplies, pinagkalooban din ang mga batang Imuseño ng dental kits at fluoride upang masiguro ang kalusugan ng kanilang mga ngipin.

Bahagi rin ng paglunsad sina Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Jelyn Maliksi, Konsehal Darwin Remulla, at Sangguniang Kabataan Federation President Glian Ilagan.

Kaagapay sa nasabing programa ang Imus City Health Office, Imus City Social Welfare and Development, at ang Team AJAA.

Hangad ng lokal na pamahalaan ng Imus na patuloy na maiangat ang kalidad ng edukasyon at atensiyong medikal na ibinibigay sa bawat batang Imuseño.



### 97 MULTICABS TINANGGAP NG IMUS LGU MULA SA CAVITE PROVINCIAL GOVERNMENT

Pormal na tinanggap ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang 97 multicabs na handog ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, na pinangungunahan ni Governor Jonvic Remulla, nitong Setyembre 18, 2024, na ginanap sa General Trias Sports Park.

Kasama rin sa ceremonial key turnover si Vice Governor Athena Tolentino, General Trias City Mayor Jon-Jon Ferrer at mga kasama sa konseho, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ang buong Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Ang mga naturang multicab ay nasa pangangalaga ng 97 barangay sa Lungsod ng Imus.





## 28 BAGONG SERVICE VEHICLES NG IMUS LGU BINASBASAN

Pinatunayan ng Imus AJAA Gunners ang galing ng mga kabataang Imuseño sa larong football nang masapul nito ang kampeonato sa kauna-unahang Cavite Football Cup Championship nitong Setyembre 21, 2024, sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Sa puntos na 4-1, nasungkit ng koponan ang tropeo, P100,000, at gift vouchers mula sa Eight Cup at Chachago Imus.

Naiuwi naman ng Carmona Panthers ang first place, tropeo, at P75,000.

Sa battle of third, wagi ang Dasmariñas Monarchs na makuha ang second place, tropeo, at ang P50,000 sa puntos na 6-4 kontra Batang GenTri.

Nakatanggap naman ng consolation prize na P25,000 ang pitong koponang lumahok sa nasabing football cup.

Ang First Cavite Football Cup ay pinangunahan ng Cavite Sangguniang Kabataan (SK) Federation sa pamumuno ni SK President Chelsea Sarno.

Pinangunahan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pagbabasbas sa 28 bagong service vehicles ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Setyembre 12 at 24, 2024.

Kinabibilangan ito ng dalawang trak ng bumbero, apat na libreng sakay vehicles, dalawang heavy equipment trucks, dalawang dump trucks, dalawang container trucks, ambulansya mula sa Philippine Charity Sweepstakes Office, 10 rescue vehicles, at limang FB type utility vehicles.

Hangad ni Mayor AA na mapabilis pa ang pagtugon sa mga pangangailangan ng mga Imuseño sa tulong ng mga bagong sasakyan.



## IMUS AJAA GUNNERS KAMPEON SA 1<sup>ST</sup> CAVITE FOOTBALL CUP

Kinilala ng Philippine Statistics Authority (PSA) ang Imus City Civil Registrar's Office (CCRO) bilang Top 2 Local Civil Registry Office (LCRO) sa Lalawigan ng Cavite sa nagdaang 2024 CALABARZON Regional Convention on Civil Registration and Vital Statistics noong Setyembre 27, 2024, na ginanap sa Tagaytay City, Cavite.

Nakapagtala ang Lungsod ng Imus ng pinakamataas na bilang ng mga kapanganakan mula 2022 hanggang sa unang semestre ng 2024 bilang bahagi ng Birth Registration Assistance Project (BRAP).

Ang BRAP ay isa sa mga programa ng PSA na layong maitala ang lahat ng kapanganakan sa mga LCRO.



## IMUS CCRO TOP 2 LOCAL CIVIL REGISTRY OFFICE SA CAVITE



# SCHOLARSHIP

## 161 MAG-AARAL SA KOLEHIYO NAKATANGGAP NG SCHOLARSHIP MULA SA IMUS LGU

Kaagapay ang tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, pinangunahan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang paghahandog ng Binhing Advincula Scholarship para sa 161 Imuseñong mag-aaral sa kolehiyo nitong Setyembre 16, 2024, sa Function Hall, New Imus City Government Center.

Nakasama rin sa pamamahagi si Konsehal Atty. Wency Lara.

Ang Binhing Advincula Scholarship Program ay handog ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa mga estudyanteng nasa pribadong eskuwelahan mula high school hanggang kolehiyo.

Pinangunahan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pamamahagi ng honorarium allowance para sa mga miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) at ng educational assistance para sa mga indigent solo parent nitong Setyembre 25, 2024, sa Function Hall, New Imus City Government Center.

Sa tala, nasa 200 elementary hanggang junior high school students ang nakatanggap ng tig-P3,000, habang 200 senior high school at college students ang nakatanggap ng tig-P4,000.


Samantalang nasa 113 indigent solo parents naman ang pinagkalooban ng P2,400 bawat isa.

Personal ding silang kinumusta ni Konsehal Atty. Wency Lara.

Ang 4Ps ay ang pambansang estratehiya ng pamahalaan na may layuning matulungan ang mga pamilyang lubhang kapuspalad sa loob ng pitong taon alinsunod sa Batas Republika Blg. 11310 o ang "4Ps Act."

Batay naman sa Batas Republika Blg. 11861 o ang "Expanded Solo Parents Welfare Act," ang mga indigent solo parent ay nararapat na makatanggap ng P1,000 kada buwan.

Kaagapay sa naturang pamamahagi ang Imus City Social Welfare and Development Office.



## 513 IMUSEÑO NAKATANGGAP NG HONORARIUM AT EDUCATIONAL ASSISTANCE MULA SA IMUS LGU





## 146 KABATAANG ATLETANG IMUSEÑO KINILALA SA DUNONG AT LAKAS AWARDING CEREMONY

Binigyang-pugay ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Setyembre 21, 2024, sa Function Hall, New Imus City Government Center ang galing at pagsusumikap ng 146 na kabataang atletang Imuseñong lumahok sa 2024 Regional Athletic Association Meet (RAAM) at Palarong Pambansa 2024.

Kabilang sa mga ginawaran ay ang mga atletang nagwagi sa Palarong Pambansa na sina Jonalyn Halasan, Mary Angelie Bacojo, Marc Zayrus Lazarte, Larievinz Sidon, Zia Noele Ranjo, Anisha Eunice Caluya, Ysabella Jean Alcazar, Athena Hababag, Rodel Tamayo, at Ames Brendon Merced.

Personal ding nagbigay-pagbati sina Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Dennis Lacson, Sangguniang Kabataan Federation President Glian Ilagan, dating Konsehal Tito Monzon, Chief of Staff Allen Atienza bilang kinatawan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, at Special Assistant to the Mayor Jeff Purisima bilang kinatawan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula.

Ang bawat atleta ay nakatanggap ng sertipiko at cash incentives batay sa kanilang mga napanalunan sa mga nasabing paligsahan.

Ayon sa City Ordinance No. 03-114, taong 2018, ang bawat atletang nagkamit ng parangal sa mga pambansang kumpetisyon ay makatatanggap ng P2,000 o P6,000 para sa tansong parangal, P4,000 o P10,000 para sa pilak na parangal, at P6,000 o P20,000 para sa gintong parangal.

Samantala, ang mga nakasungkit ng gantimpala sa mga kumpetisyong rehiyonal ay gagawaran ng P1,000 o 3,000 para sa tansong parangal, P2,000 o P5,000 para sa pilak na parangal, at P3,000 o P10,000 para sa gintong parangal.

Idinaos ang 2024 RAAM noong Abril 1–10, 2024 at ang Palarong Pambansa 2024 noong Hulyo 9–16, 2024.

Patuloy na naniniwala ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa galing at husay ng mga atletang Imuseño.



## P100K INIHANDOG NI MAYOR AA SA IMUSEÑO CENTENARIAN

Hinandugan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula noong Setyembre 13, 2024, ng P100,000 at grocery package ang Imuseño centenarian na si Natividad Darwin Enriquez ng Brgy. Poblacion IV-C na nagdiwang ng kaniyang ika-100 kaarawan noong Setyembre 8, 2024.

Katuwang sa pagbibigay-bati ng alkalde ang Office of the Senior Citizens Affairs at ang Imus Senior Citizens Association Incorporated.

Alinsunod sa Republic Act No. 10868, o ang "Centenarians Act of 2016," ang pagbibigay ng P100,000 pagsapit ng ika-100 taon ng mga Pilipino.



## DALAWANG IMUSEÑO NAKATANGGAP NG PROSTHESIS LEGS MULA KAY MAYOR AA

Hinandugan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula sina Renato Camerino ng Brgy. Pasong Buaya I at Napoleon Dominguez ng Brgy. Tanzang Luma I ng prosthesis legs noong Setyembre 9, 2024.

Ayon kay Mayor AA, regular niyang binibigyan ng prosthesis legs ang mga nangangailangan bilang pagkilala sa kanilang katatagan sa kabila ng kanilang kapansanan at upang mabigyan sila ng panibagong pag-asa.

Hangad din ng Alkalde na magpatuloy sila sa pagkamit ng kani-kanilang mga pangarap at huwag kailan man sumuko sa laban ng buhay.

## 203 HOA OFFICERS NANUMPA KAY MAYOR AA

Pinangunahan ni Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pormal na panunumpa ng 203 Homeowners Association (HOA) officers mula sa 21 HOA sa Imus noong Setyembre 16, 2024, sa Function Hall, New Imus City Government Center.

Bahagi rin ng naganap na panunumpa sina Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Sherwin Comia, Konsehal Larry Nato, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Lloyd Jaro, Liga ng mga Barangay (LNB) President RR Ramirez, dating LNB President AJ Sapitan, at mga punong barangay.





## 5,070 IMUSEÑO HINATIRAN NG LIBRENG SERBISYONG MEDIKAL NG IMUS LGU

Mas pinaramdam ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang Alagang Advincula sa paglapit ng libreng serbisyong medikal sa mga Imuseñong higit na nangangailangan mula noong Hulyo 10 – Setyembre 11, 2024, sa iba't ibang barangay sa Imus.

Tinatayang nasa 5,070 Imuseño ang nakatanggap ng mga atensiyong medikal tulad ng konsultasyon, chest x-ray, blood chemistry at hematology, electrocardiogram (ECG), urinalysis, at HIV screening at testing. Kasabay nito ay nakapagparehistro din ang mga benepisyaryo sa PhilHealth.

Personal din silang kinumusta nina Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Kaagapay rito ang Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, Cavite Provincial Health Office, Imus City Health Office, barangay health workers, Medical Center Imus, at JaroMed & Diagnostic Center.



## MAYOR AA, CONG. AJ BINISITA ANG MGA IMUSEÑONG NASALANTA DAHIL SA BAGYONG ENTENG AT HABAGAT

Personal na inihatid nina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula, at ng Sangguniang Panlungsod ng Imus noong Setyembre 3, 2024, ang mga food package sa mga residente ng Sheltertown Subdivision, Brgy. Buhay na Tubig na lubhang naapektuhan ng pananalasa ng Bagyong Enteng at ng habagat.



Kaagapay rin sa pamamahagi sina Konsehal Sherwin Comia, Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Wency Lara, Konsehal Igi Revilla-Ocampo, at Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office Command Center Manager AJ Sapitan na nangumusta sa kalagayan ng mga naturang residente.

Nagkaroon din ng mga pagpupulong noong Setyembre 2-3, 2024, kaugnay ng mga isinasagawa at dapat pang isagawang aksyon ng lokal na pamahalaan upang maibsan ang epekto at matugunan ang pangangailangan ng mga Imuseñong nasalanta ng habagat at ng Bagyong Enteng.



### STABLE INTERNAL PEACE AND SECURITY IDINEKLARA SA IMUS / KALIGTASAN SA IMUS PINAIGTING NG SAMAHAN NG IMUS LGU AT AFP

Sa pamamagitan ng isang ceremonial signing, pormal na idineklara ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Stable Internal Peace and Security sa lungsod nitong Setyembre 10, 2024.

Kasabay ito ng paglagda nina Imus City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Major Artemio Alosada, sa ngalan ni Commander Col. Ronald Jess Alcudia, sa isang memorandum of understanding sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng Task Force Ugnay – isang grupong binuo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP).

Nangangahulugan itong determinado ang lokal na pamahalaan at ang naturang task force na mapanatili ang kapayapaan at kawalan ng banta ng Communist Terrorist Group sa Imus.



Saksi rin sa naganap na ceremonial signing sina Imus City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, mga konsehal, City Local Government Operations Officer Joseph Ryan Geronimo, at City Administrator Tito Monzon.

Natunghayan din ito nina Datu Theng Sawal, Brig. Gen. Cerilo C. Balaoro Jr. PA, PCol. Eleuterio Ricardo Jr., PLTCOL Louie Dionglay, Police Major Ernesto Chavez, Department of the Interior and Local Government (DILG) Provincial Director Engr. Danilo Nobleza, at DILG Cavite Cluster Head Nencita Costelo.

Nangako rin ang mga opisyal sa kanilang aktibong partisipasyon sa paglagda sa Pledge of Commitment.



Inilathala ng:  
**IMUS CITY INFORMATION OFFICE**

2F Imus City Government Center

Email:  
imuscityinformationoffice@gmail.com

[www.cityofimus.gov.ph](http://www.cityofimus.gov.ph)

### EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:** Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor:** Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:** Francesca Mandac

**Art Director:** Christian Yunson

**Photo Credits:** City Information Office  
City Tourism and Heritage Office  
Office of the Congressman